# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Santa Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 07, 2025, LUNES, IKA-09:13 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa bakasyon |

RELEASED NAME JUL 10 2025 TIME OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED by 10 JUL 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 125- T2025**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY ENGR. CORAZON V. CABATBAT, DISTRICT ENGINEER, DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS NA MAGLAAN NG PONDO PARA SA PAGTATAYO AT PAGPAPAKABIT NG MGA CAUTION LIGHTS AT RUMBLE STRIPS SA SITIO CAMIA, BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**May-akda – KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**

**SAPAGKAT,** ang kaligtasan sa kalsada ay isa sa mga pangunahing adhikain ng pamahalaang local at ng komunidad, lalo na sa mga lugar na itinuturing na delikado o madalas ang aksidente;

**SAPAGKAT**, ang Sitio Camia sa Barangay Bubukal, Santa Cruz, Laguna ay isang lugar na may tumataas na bilang ng mga sasakyan at potensyal na panganib para sa mga motorist at mga naglalakad, lalo na tuwing gabi o sa panahon ng mahina ang visibility;

**SAPAGKAT,** ang pagkakabit ng mga caution lights at rumble strips sa mga piling bahagi ng kalsada sa Sitio Camia ay makakatulong upang maiwasan ang aksidente at mapanatili ang kaligtasan ng mga gumagamit ng lansangan;

**SAPAGKAT**, ang Department of Public Works and Highways – Unang District Engineer Office (DPWH-1st DEO) ang ahensyang may pananagutan sa pagpapaayos at pagpapanatili ng mga pangunahing lansangan sa nasabing distrito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Louie C. De Leon (Kapayapaan, Kaayusan at Kaligtasang Pangmadla), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony M. Juangco, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Roselon F. Pamatmat at Kgg. Rizaldy N. Kalaw at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Humiling kay Engr. Corazon V. Cabatbat, District Engineer, Department of Public Works and Highways, na maglalaan ng pondo para sa pagtatayo at pagpapakabit ng mga caution lights at rumble strips sa Sitio Camia, Barangay Bubukal, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero; Engr. Corazon V. Cabatbat, District Engineer, DPWH at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 07, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan